


Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikalawang Markahan – Modyul 4: Paggalang sa Ideya ng Kapuwa



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikalimang Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikalawang Markahan – Modyul 4: Paggalang sa Ideya ng Kapuwa
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Jeremiah G. Miralles, Glenda T. Navato

Editor: Caridad P. Baginon, Ma. Shiela C. Adona, Farrah R. Delfin

Tagasuri: Josefina E. Tanciongco, Juliet L. Lim, Raquel B. Brigoli

Tagaguhit: Crisanto L. Lopera, Lemuel P. Valle Jr.

Tagalapat: Gualberto R. Gualberto Jr., Joel F. Amerila, Lemuel P. Valle Jr.

Tagapamahala:

Ramir B. Uytico

Arnulfo M. Balane

Rosemarie M. Guino

Joy B. Bihag

Ryan R. Tiu

Amenia C. Aspa

Mariza S. Magan

Edgar Y. Tenasas

Mark Chester Anthony G. Tamayo

Gretel Laura M. Cadiiong

Ranulfo L. Baay

Juliet L. Lim

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region No. VIII

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte

Telefax: 053 – 832 - 2997

E-mail Address: region8@deped.gov.ph

5

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikalawang Markahan – Modyul 4:
Paggalang sa Ideya ng Kapuwa**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Nabigyan ka na ba ng pagkakataon na maging lider ng isang grupo? Paano mo gagawin ang tungkulin bilang lider? Bawat isa ay binigyan ng Diyos ng iba't ibang kaalaman, kahusayan at kaisipan. Ang tao na may mataas na antas ng kaalaman ay mayroong pagkakataon na magbigay ng sariling ideya o opinyon. Bakit kailangang igalang ang opinyon ng iba? Sa kadahilanang mayroon tayong iba't ibang kaisipan kung kaya may iba-iba rin tayong ideya o opinyon na dapat igalang.

Ang sumusunod na mga layunin ay tatawag ayin sa modyul na ito:

- a. Nakabubuo at nakapagpapahayag ang may paggalang sa anomang ideya o opinyon
- b. Natutukoy ang mga gawaing nagpapakita ng paggalang sa ideya o opinyon ng iba.



Subukin

Panuto: Iguhit ang simbolong puso (❤️) kung ang sitwasyon ay naglalahad ng paggalang sa opinyon ng kapuwa at bituin (★) naman kung hindi. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

1. Masaya si Noel dahil walang pasok, subalit si Tony ay hindi dahil ayon sa kaniya ay nais niyang pumasok at matuto sa araw na iyon. Ayaw sumang-ayon ni Noel dahil ibig niyang maglakwatsa. Hindi pinansin ni Tony si Noel.
2. Nakakita ang magkaibigang Grace at Marian ng pitaka sa may kantina. Binalak ni Grace na itago na lamang ang pitaka ngunit hindi pumayag si Marian. Napagkasunduan ng dalawa na ipagbigay alam sa opisina ng *Lost and Found* ang napulot na pitaka.
3. Sinabi ni Jose na sila lamang ang mapupunta sa langit. Hindi sang-ayon si Pedro sa sinabi niyang ito at tinawag siyang sinungaling.
4. Ang magkaibigang Lita at Lito ay namimili ng mga kandidato na nais nilang iboto sa darating na halalan at dito napagtanto nila na magkaiba pala sila ng mga napipisil na kandidato. Malugod na tinanggap ng magkaibigan ang kanilang mga napagdesisyunan.
5. Ang magkapatid na Jane at Bea ay nanood ng patimpalak sa plaza. Sa kanilang pagsusuri, sinabi ni Jane na mas magaling ang unang kalahok. Ngunit hindi sang-ayon si Bea dahil ayon sa kaniya ay mas magaling ang ikalawang kalahok. Dahil dito ay nagtalo ang magkapatid.

Aralin

1

Paggalang sa Ideya ng Kapuwa

Isa sa mga katangian ng Pilipino ang pagiging magalang. Ang tahanan ang nagsisilbing pundasyon upang maging mabuti kang mamamayan. Lahat ng ating natutuhan, diwa, at kaalaman ay hinuhubog at pinaunlad sa paaralan.



Balikan

Basahing mabuti ang mga sitwasyon. Markahan ng tsek (✓) ang patlang kung nagpapakita ito ng paggalang sa mga katutubo at dayuhan, at ekis (✗) kung hindi. Gawin ito sa iyong kuwaderno

- _____ 1. Iniiwasan ni Lito na mapalapit sa kanyang pinsan na dayuhan dahil ayaw niyang magsalita ng wikang banyaga.
- _____ 2. Pinagtatawanan ni Lina at Lita ang kanilang kaklase dahil sa kakaibang hitsura nito.
- _____ 3. Pinakikinggang mabuti kapag may nagpapahayag ng kaniyang saloobin sa paaralan.
- _____ 4. Pinahahalagahan ang mga paraan ng pamumuhay ng mga dayuhan.
- _____ 5. Iginagalang ang opinyon ng ibang tao kahit kaiba ito sa iyo.



Tuklasin

PAKIKIPAGKAPUWA

By: Jejomar G. Villacorte

Sa daloy ng ating mga buhay
Mas masaya kung may kaagapay.
Makiisa at sumabay sa paglalakbay
Lagyan natin ng kulay ang ating buhay.

Tumulong palagi sa bayan
Isaisip, isapuso at huwag dapat lubayan.
Laging isaalang-alang kapakanan ng kapwa
Pagkalinga at pagtulong ay tiyak na magagawa.

Makibahagi para sa kabutihan,
Upang tumibay pagkakaibigan at pagsasamahan.
Sa lahat ng pagkakataon
Gamitin bawat segundo, minuto, buwan at taon.

Lagi nating isipin na ang pagtulong ay masaya,
Wala sa liit o laki basta sa puso ay kayang-kaya.
Huwag ka nang tumingin sa malayo
Sapagkat pagmamahal at pagmamalasakit ay nasa sa'yo.

Sana ay lagi nating lahat na tatandaan
Sa mundong ito tayo lamang ay dumadaan.
Gamitin ang talento at kakayahan at makisama
Sapagkat ang pakikipagkapuwa ay laging tama.

Sagutin ang mga katanungan.

1. Ano ang ibig ilahad ng tula?

2. Ano ang ibig sabihin ng pakikipagkapuwa batay sa tula?

3. Mahalaga ba ang pakikipagkapuwa? Ipaliwanag ang iyong sagot.

4. Bilang isang mag-aaral paano mo maipapakita ang pakikipagkapuwa?

5. Tumukoy ng isang tao na nagpapakita ng pakikipagkapuwa. Ilahad ang kanyang ipinakitang pakikipagkapuwa.



Surin



Ang respeto at paggalang ay dapat nating itanim sa ating puso at isipan. Isa sa mga halimbawa nito ay ang pakikinig sa ideya at opinyon ng ating kapuwa kahit na ito ay iba sa ating sariling pananaw. Ang pakikinig sa ideya at opinyon ng iba ay hindi nangangahulugan na mas tama siya, na ikaw ay sumasang-ayon o nakikiisa sa kaniya. Ipinahahayag nito na may iba pang pananaw na maaari mong isaalang-alang. Makabubuti na mapag-isipan kung ang napakinggang ideya at opinyon ay maaaring gamiting batayan o gabay sa pagsasagawa ng aksyon o ng nararapat na solusyon sa anumang sitwasyon at pangyayaring iyong kinakaharap.

Tayong lahat ay mayroong kahusayan, karunungan, ideya, at opinyon. Alam ng tao kung ano ang tama at mali. Dapat nating tandaan na anomang kaalaman at pananaw ng bawat isa ay dapat nating isaalang-alang at igalang upang hindi pagmulan ng anomang sigalot o di pagkakaunawaan.

Subalit bakit nga ba importante ang paggalang sa ideya at opinyon ng iba? Ito ay dahil ang paggalang sa ideya at opinyon ng iba ay isang pagpapahalaga na dapat nating isabuhay. Mahalaga ito sa pakikisalamuha natin sa ibang tao, iba-iba man ang ating itsura, lahi at pinanggalingan. Ipinahahayag din nito ang pagbibigay natin ng respeto sa kanila. Iba't iba man ang ating karanasan sa buhay, positibo man ito o hindi, isipin natin na tayo ay Pilipino na may paggalang sa ating kapuwa sa anomang sitwasyon at sa lahat ng pagkakataon.



Pagyamanin

Panuto: Basahing mabuti ang sitwasyon sa bawat bilang. Iguhit ang () gasuklay kung nagpapakita ito ng paggalang sa opinyon ng iba, at () bilog kung hindi. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

1. Si Lino at Marlon ay magkapatid ngunit lagi silang nag-aaway kahit na sa maliliit na bagay.
2. Nakapulot ng pitaka si Myla isang araw. Ayaw niya itong isauli ngunit hindi naman ito gusto ng kaniyang kaibigang si Carla, kaya napagdesisyunan ni Myla na isauli na lamang ito.
3. Magkakaiba ng paniniwala ang mga miyembro ng pamilya ni Mang Mario tungkol sa pamahiin subalit magkasundo sila sa usapin ng pagmamahal sa Diyos at sa kapwa.
4. Si Mang Lucas ay may ibang kandidatong nagugustuhan na taliwas sa kaniyang kapatid. Sa kabila nito, hindi nila pinakikialaman ang pasya ng isa't isa.
5. Ipinatutupad sa buong barangay ang ordinansa na nagbabawal sa mga residente na hayaang pagala-gala sa lansangan ang kanilang mga alagang aso. Sinusunod naman ito ng lahat.



Isaisip

Panuto: Baon ang kaalamang nakuha mo buhat sa Suriin at sa mga naunang gawain, basahing mabuti ang talata. Punan ng angkop na salita ang bawat puwang upang maging buo ang diwa ng talata. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

Ang paggalang sa _____ ng iba ay isang pagpapahalaga na dapat nating _____. Mahalaga ito sa _____ natin sa ibang tao, iba-iba man ang ating itsura, lahi at pinanggalingan. Ipinahahayag din nito ang pagbibigay natin ng _____ sa kanila. Iba't iba man ang ating karanasan sa buhay, positibo man ito o hindi, isipin natin na tayo ay Pilipino na may _____ sa kapwa sa anomang sitwasyon at sa lahat ng pagkakataon.

Paano mo maipapakita ang paggalang sa ideya at opinyon ng ibang tao ayon sa mga sitwasyon sa ibaba? Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.



Isagawa

- a. Si Kapitan Francisco Alimagno ay nagtatag ng isang ordinansa na naglalayong lahat ng mga alagang hayop ay hindi na maaaring magpakalat-kalat sa buong barangay.

- b. Sa kasalukuyan ay talamak na ang polusyon saan mang dako. Bilang pagtugon, ay ipinagbawal na sa lungsod ang paggamit ng iba't ibang uri ng plastik gaya ng *straw*, bag at marami pang iba.



Tayahin

Gawin A: Basahing mabuti ang mga pangungusap. Isulat ang **Tama** kung ang pahayag ay nagpapakita ng paggalang sa opinyon ng iba at **Mali** kung hindi. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Huwag makinig sa opinyon ng iba at tanging iyo lamang ang iyong pairalin.
2. Igalang ang pasya ng nakararami.
3. Ipagdiinan ang iyong desisyon sa iba.
4. Respetuhin ang ideya ng iyong kausap kapag nasa isang pagtitipon.
5. Manahimik na lamang kung nasa gitna ng pagtatalo.
6. Makinig sa opinyon o ideya ng iba.
7. Maging mahinahon sa pakikipagdebate.
8. Makipagtalo sa abot ng makakaya.
9. Igalang ang desisyon ng nakararami.
10. Makinig na mabuti sa opinyon ng iba.



Karagdagang Gawain

Panuto: Sumulat ng apat na sitwasyon na magpapakita ng paggalang sa ideya o opinyon ng ibang tao. Gawin ito sa *bond paper*.

Paggalang sa Ideya o Opinyon ng Iba	



Susi sa Pagwawasto

Tayahin

A.

- Mali
- Tama
- Mali
- Tama
- Tama

B.

- Makikinig sa opinyon o ideya ng iba
- Maging mahinahon sa pakikipadebate
- Igalang ang desisyon ng nakararami
- Makinig nang Mabuti sa opinion ng iba bago magbigay ng reaksiyon

Karagandang Gawain

- Maaaring magkaiba-iba ang sagot
- Maaaring magkaiba-iba ang sagot
- Maaaring magkaiba-iba ang sagot
- Maaaring magkaiba-iba ang sagot

Pagymanin

-
-
-
-
-

Tuklasin

- Siya, ako at sila
- Bansa, kultura, pinanggalingan
- Diyos
- Maaaring magkaiba-iba ang sagot
- Maaaring magkaiba-iba ang sagot

Subukin

-
-
-
-
-

Isaisip

- Ideya at opinyon
- isabuhay
- pakikisalamuha
- respeto
- paggalang

Isagawa

Mga Posibleng Sagot (Maaaring magkaiba-iba ang sagot)

A.

- Susunod ang ordinansang ipinatutupad
- Susunod ang kautusang ipinatutupad

Balikan

- x
- ✓
- x
- x
- ✓

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph